**PRESIDENT FERDINAND ROMUALDEZ MARCOS JR.'s SPEECH AT THE DISTRIBUTION OF RICE AND OTHER GOVERNMENT ASSISTANCE IN THE PROVINCE OF ANTIQUE**

San Jose de Buenavista, Antique
October 6, 2023

[00:00:04]
Maraming salamat sa ating Kalihim ng DSWD, Secretary Rex Gatchalian sa iyong pagpakilala.

Please take your seat.

Ang Kinatawan ng isang distrito ng Antique, Antonio Agapito Legarda; [applause] at ang Gobernador ng Antique, Governor Rhodora Cadiao, [applause] na pinaabot sa atin ang napakagandang balita, Gov, na iyong pinakita mo sa akin noong lumilipad tayo sa helicopter, tinitingnan namin iyong damage noong Paeng at flood damage. Mayroon naipakita si Gov na NHA project na nasa gitna na hindi na tinapos.

At siguro malaking— siguro dahil doon ay talagang inutusan ko sila na ayusin nila na magamit naman at sayang naman ginastusan na ng gobyerno iyon at iyong tao nangangailangan ng bahay. So, to know that we have 770 families who will spend this Christmas in their new home is one of the best news that I have heard in a long time. [applause]

Ang Alkalde ng bayan ng San Jose de Buenavista Elmer Untaran; [applause] ang Alkalde ng bayan ng Hamtic Julius Ronald Pacificador; [applause] at ang ating mga mayor ng probinsya ng Antique na nandito; mga benepisyaryo, ang pinakamahalaga na nandito ngayong umaga, ang ating benepisyaryo na galing sa listahan ng 4Ps na ating bibigyan itong mga bigas na nahuli po natin. At sabi namin, imbes na pagkakitaan na lang ng mga walang awang mga sindikato na pinapahirap ang taong-bayan, ay sabi ko kunin na natin iyan at ibigay natin sa tao. [applause] Mga kagalang-galang na panauhin, magandang araw po sa inyong lahat. [applause]

Natatandaan ko pa po sa huling pagbisita noong Nobyembre ng nakaraang taon pagkatapos ng Bagyong Paeng, ang bisita ko rito sa inyo. Binisita namin kayo noon, upang malaman kung gaano kalawak ang pinsala at maghatid ng iba't ibang ayuda mula sa pamahalaan.

Masaya akong muling makadalaw dito sa Antique ngayon dahil hindi bagyo o anumang pananalanta o dahilan. Kasama ko rin ang DSWD, ang Department of Agriculture, ang BFAR, ang Philippine Crop Insurance Corporation, ang DOLE, TESDA, DOH at CHED upang magpaabot ng iba't ibang tulong mula sa kanilang mga ahensya.

[00:03:19]
Ang pangunahing layunin po ng ating biyahe ngayon ay mamahagi ng libreng bigas sa mga benepisyaryo ng 4Ps [applause] na naging kabilang sa listahan ng mga pinaka-nangangailangan na mamamayang Pilipino. Kasama din sa mga makakatanggap ng suplay ay ang mga pamilyang naaapektuhan ang kanilang kabuhayan dahil sa African Swine Flu.

At hindi na kaya ang --- dahil hindi natin makontrol pa iyong swine flu. Dahan-dahan nagagawa natin ngunit marami pa rin ang pinapatay o namamatay na baboy kaya't nasisira ang hanapbuhay ng ating mga pig growers kaya't iyan po ay bibigyan po natin ng tulong upang naman makabawi naman sila kahit kaunti doon sa kanilang lugi dahil nga sa swine flu.

Ikinagagalak ko rin na banggitin na may limang grupo sa ilalim ng Sustainable Livelihood Program ang mabibigyan ngayon ng tulong pangkabuhayan na nagkakahalaga ng mahigit isang milyon at apatnaraang libong piso, sa kabuuan. [applause] Ang makikinabang po rito ay iyong mga maliliit na negosyong tutukuyin ng bawat SLP association nila.

Isa pa pong magandang balita --- sariwa at mainit pa --- ay ang pag-apruba natin noong isang linggo ng pondong nagkakahalaga ng kulang-kulang labintatlong bilyong piso para sa Rice Farmers Financial Assistance Program or iyong RFFA. [applause]

Sa ilalim ng programang ito, dalawang milyon at tatlong daang libong mga magsasaka ang makakatanggap ng tig-lilimang libong piso bilang ayuda sa kanilang pagsasaka, lalo na sa panahon ng tagtuyot. [applause] Pareho ang RFFA at ang Rice Competitive*[sic]* Enhancement Fund o RCEF ay makapagpagaan ng trabaho ng mga ipinagmamalaki nating mga magsasaka.

Ang epektibo at mabisang pangangasiwa sa daloy ng produkto at serbisyo mula sa sakahan patungo sa merkado ay isa sa mga dapat nating pagtugunan. Parte po dito ng maayos na transportasyon.

Nabanggit ko na po ito sa inyo noong 2022, ngunit uulitin ko na kailangang gawing prayoridad at madaliin ang rehabilitasyon ng Paliwan Bridge. Inaatasan ko ang Public Works ng Region VI na pagtuunan para agarang magka-aksyon na dito sa pag-ayos at pagbuo nitong programa. [applause] Iyon pong madaliin

ngunit dapat tiyakin ding matibay at hindi sub-standard ang pagkakagawa ng mga imprastraktura natin.

[00:06:39]
Seryoso po ang gobyerno sa paglutas ng mga suliranin sa agrikultura, kabilang dito ang pagbababa ng presyo ng ating mga produktong agrikultural. Ngunit papaano po natin lubusang matutupad ito kung patuloy ang pamamayagpag ng smuggling at hoarding sa bansa? Ilan lamang ito sa mga sanhi ng pagtaas ng halaga ng bilihin.

Kaya naman patuloy ang pagkilos ng gobyerno upang mapuksa ang mga sindikatong sangkot sa ilegal na gawaing ito. Hindi po lingid sa inyo na ang mga bigas na ipamamahagi ngayon ay mula sa mga nakumpiskang smuggled rice ng Bureau of Customs. [applause]

Patunay lamang po ito na walang sini-sino ang pamahalaan at lahat ng mahuhuling nananabotahe sa maayos na daloy ng merkado ay tiyak na mananagot sa batas.

Patuloy din ang pagsangguni natin sa Kongreso upang maging ganap na krimen ang agricultural economic sabotage at mas maging mabigat ang katumbas nitong kaparusahan. Kaya magsilbi itong babala sa mga smuggler, sa mga hoarder at sindikato diyan.

Nasa Bagong Pilipinas na tayo! Hindi na lulusot ang inyong mga lumang estilo. Hindi na pwede ang inyong mga kalokohan ngayon! [applause]

Iniimbitahan ko naman ang buong sambayanang Pilipino --- kasama kayong mga taga-Antique --- na maging mapagmatyag at maging katuwang sa pamahalaan sa pagsugpo sa mga salot at mga pagsasamantala sa lipunan.

Mas magiging malakas ang ating pwersa kung sama-sama tayong kikilos tungo sa mas masagana, panatag at matatag na kinubukasan nating lahat. [applause]

Narito po ang pamahalaan ninyo upang damayan at suportahan kayo. Patuloy po tayong magtulungan upang magtagumpay sa ating mga hangarin para sa bayan.

Asahan po ninyo na kami sa pamahalaan ay tuluyang naghahanap ng mga paraan upang tulungan lahat lalo na ang mga pinaka-nangangailangan na mamamayang Pilipino.

Asahan ninyo na ang inyong pamahalaan ay araw-araw nagtatrabaho, iniisip kung papaano tulungan ang ating mga mamamayan upang tayo ay mapunta na sa mas normal na sitwasyon, tayo ay mapunta na sa maganda na lipunan na

lahat ng bawat mamamayan ay kasama sa pagsugpo sa krimen, kasama sa progreso na lahat ay nararamdaman ang pagpaganda ng ekonomiya ng Pilipinas at ng buong Pilipinas. Asahan po ninyo iyon.

Maraming salamat po sa inyong lahat! Mabuhay po kayo at magandang hapon po [applause].
[00:10:03]

***